1 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

Ang Mga Direksiyon sa Balangkas ng Istratehiya ay nakabuod sa ibaba. Ito ay mga pangkalahatang pamamaraan na gagabay sa pagpaplano sa sport field sa hinaharap, paglalaan ng resources, at paghahatid ng serbisyo.

1. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: MAGPATUPAD NG BINAGONG SISTEMANG KLASIPIKASYON NG SPORT FIELD.

- Nakaayon ang panukalang sistema sa pinakamahusay na mga kaparaanan na patnubay mula sa Sports Turf Canada at Sport for Life Long-Term Development at kasama ang lahat ng klase ng field sa Vancouver (hal., mga ball diamond, mga natural na damong rektanggulong field, synthetic na turf, graba).

- Inaayos muli ng na-renew na system ang mga field sa mga klase na mas tumpak na nagpapakita ng mga uri ng field, antas ng serbisyo at pinapayagang antas ng paggamit.

- Ang sistema ay may kasamang Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo at Pagmementina ng sport field para sa bawat klase.

KEY ASPECTS OF THE NEW FIELD CLASSIFICATION

2 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

2. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: MAGHANAP NG MGA OPORTUNIDAD PARA MAGPATUPAD NG MGA ISTRETEHIYA NA ANG PERSPEKTIBO AY MAKAPAGPAPALAGO NG KITA.


Mga Pangunahing Pagkilos:

- Bumuo ng mas structured at malinaw na pamamaraan sa pagtatakda ng mga bayarin ng user sa pamamagitan ng pagbuo ng bagong patakaran sa pagbabayad sa libangan ng user.

  » Magtrabaho patungo sa pag-ayon ng mga bayarin ng user sa mga kabuuang gastos. Ang paglipat sa modelong ito ay tutulong na lumikha ng mas mabuting pag-ayon at transparency sa pagtatakda ng mga bayarin.

  » Tiyakin na ang mga sistema ay nasa lugar upang matukoy, tanggapin, at suportahan ang pagiging patas na karapat-dapat na mga grupo ng user na nahaharap sa mga pinansyal na hadlang sa pag-access sa sport field at paglahok sa programa.

Example: Cost recovery & fee considerations by user group categories



3 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

3. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: MAGPATUPAD NG EQUITY MODEL PARA SA PAGLALAAN, PAG-BOOK, AT PAGPAPAHINTULOT NG MGA FIELD.

Mga Pangunahing Aspeto ng Nirerekomendang Pamamaraan:

- Iayon ang mga tamang user sa mga tamang field sa mga tamang oras.
- Umayon sa Sport for Life at Long-Term Development (LTD).
- Bumuo ng mga patnubay sa regulasyon at pagpapatupad para sa mga sports field sa buong lungsod upang matiyak na ang mga ito ay naa-access ng mga naaangkop na user.
- Makipagtulungan sa mga pangkat ng user upang matiyak ang kalinawan at pag-unawa sa anumang mga pagbabago sa mga diskarte o patakaran sa paglalaan.

4. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: PADALIIN ANG KASWAL O HINDI NAI-BOOK NA PAGGAMIT NG MGA SPORTS FIELD AT BALL DIAMOND PARA SA MGA RESIDENTE.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Kilalanin, hikayatin, at padaliin ang mga field ng “kusang paggamit lang” sa buong lungsod.
- Pahusayin ang mga promosyon at pagsusumikap sa marketing upang hikayatin ang kusang paggamit ng mga available na field.
- Tiyakin ang sapat na alokasyon sa kusang paggamit at kaswal na paggamit bilang bahagi ng bagong pamamaraan sa paglalaan.

4 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

5. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: ITUON ANG MGA MAGAGAMIT NA MAPAGKUKUNAN NG KAPITAL SA KALIDAD NG FIELD AT PAGDARAGDAG NG KAKAYAHANG MAGAMIT.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Paglikha ng mga pamantayan sa pag-unlad ng site na naaayon sa na-renew na sistema ng Klasipikasyon ng Sport Field.
- Pagkilala sa mga prayoridad sa pamumuhunan ng kapital para sa mga kasalukuyang field (hal., amenity at mga pagpapahusay o pagpapalit sa surface) batay sa bagong Sport Field Classification System at data ng pagtatasa ng site.
- Ang pagbuo at pagpipino ng Pamantayan sa Pagpili ng Site (tingnan ang board 7).

Ang isang prayoridad na listahan ng mga panandaliang proyekto sa field na tukoy sa site ay isasama sa isang plano sa pagpapatupad na ipapakita sa Phase 3 na pakikipag-ugnayan.

6. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: BAGUHIN AT DAGDAGAN ANG SUPPLY NG SYNTHETIC TURF.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Baguhin ang umiiral na imbentaryo ng synthetic turf.
- Dagdagan ang supply ng synthetic turf para gumawa ng optimal na paggamit ng available na mga magagamit na lupa.

5 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

7. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: MAGTRABAHO KASAMA ANG LOKAL NA NATIONS AT ANG URBAN NA INDIGENOUS NA POPULASYON PARA DAGDAGAN ANG MGA PARAAN KUNG SAAN SINASALAMIN NG IMBENTARYO NG SPORT FIELD ANG INDIGENOUS NA KULTURA AT SPORTS.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Magtrabaho kasama ang lokal na First Nations na kasosyo sa patuloy na batayan para makilala ang mga proyekto at inisyatibo (kabilang ang pagsuporta sa paglaki ng imprastraktura ng lacrosse at pag-develop ng sport).

- Dagdagan ang visibility ng First Nations sa pamamagitan ng pagdisenyo at pagpapangalan ng pasilidad ng sport field.

8. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: PAHUSAYIN ANG KOLABORASYON SA MGA PANGUNAHING LOKAL AT REHIYONAL NA KASOSYO SA PAGPAPLANO, PAGHAHATID, AT PAGMEMENTINA NG SPORTS FIELDS.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Planuhin ang sport fields gamit ang rehiyonal na lens.

- Lumikha ng Vancouver Park Board at Vancouver School Board Sport Field Working Group sa paninindigan para regular na tugunan ang pagpaplano, disenyo, pagpapahintulot, magkasamang paggamit, pagbawi ng gastos, atbp. ng katabing Park Board at mga site ng sport facility ng paaralan.

- Makipagtulungan sa Vancouver Field Sport Federation sa pagpaplano at pag-develop ng field.

6 MGA BALANGKAS NA DIREKSIYON

9. ISTRATEHIKONG DIREKSIYON: MAGPATULOY MAG-LEVERAGE NG MGA OPORTUNIDAD SA SPORT HOSTING.

Mga Pangunahing Pagkilos:

- Siguraduhin na ang mga pagkakataon sa pagho-host ng sport ay nagbibigay ng angkop na return on investment na isinasaalang-alang ang pagbuo ng kita at benepisyo ng komunidad.

- Bilang host city para sa 2026 World Cup of Soccer, maraming pagkakataon ang iiral upang magamit ang kaganapang ito para sa pangmatagalang benepisyo ng komunidad ng sport field. Kasama sa mga pagkakataong ito ang ilang mga upgrade sa imprastraktura at amenity pati na rin ang pag-promote ng soccer sa lahat ng antas. Ang Istratehiya ay magbibigay ng gabay sa kung paano i-maximize ang karanasan at legacy ng World Cup ng lungsod.

7 PAMANTAYAN SA PAGPILI NG SITE

Gumawa kami ng pamantayan sa pagpili ng site. Kapag napino na, ang pamantayan ay gagamitin para kilalanin at unahin ang mga potensiyal na site para sa pagpopondo sa plano ng puhunan, tulad ng:

- Pag-renew ng mga field surface, kabilang ang retrofit (hal. umiiral na likas na surface sa synthetic turf).

- Mga bagong sport field "hub" site sa hinaharap bilang mga sentro para sa dagdag na aktibidad.

Ang draft na pamantayan ay pinapakita sa talahanayan kasama ng mga kunsiderasyon para ipaliwanag ang bawat isa.

Kabuuang pamantayan sa pagsasala: pagsusuri sa pagkabagay

Para maging posible ang panukalang proyekto, ito dapat ay pisikal na kumasya sa site (hal. regulasyong field na may mga amenidad).

Pang-buong sistemang pamantayan

Kaayon ng Mga Patnubay na Prinsipyo, ang mga sport field sa lungsod ay kailangang gumana nang mabuti bilang bahagi ng mas malawak na sistema.

- *Suportado ng polisiya at pagpaplano*

  - » *Sinusuportahan ba ng ibang Park Board at mga plano at polisiya ng Lungsod ang potensiyal na proyekto?*

  - » *Mga halimbawa: Istratehiya sa Track and Field, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod na plano ng kapitbahayan*

- *Mga heyograpikong distribusyon at mga puwang*

  - » *Nakakatulong ba ang proyektong tugunan ang natukoy na heyograpikong puwang?*

- *Mga puwang sa pagiging patas at kunsiderasyon*

  - » *Maayos bang nababagay ang lokasyon ng proyekto para pagsilbihan ang mga grupong tinanggihan ng pagiging patas?*

8 PAMANTAYAN SA PAGPILI NG SITE

Pamantayan sa partikular na site

Ang sumusunod na pamantayan ay nakakatulong na higit pang suriin ang pagkakabagay ng partikular na site

- *Pre-development na kundisyon*
  - » *Ang pisikal na kundisyon ba ng site ay sumusuporta sa bago o upgraded na field?*
  - » *Ito ba ay "karaniwang" site, o ang kundisyon ba ng site ay nagdaragdag ng halaga o pagkamasalimuot ng proyekto?*
  - » *Mga halimbawa: geotechnical, topography, mga epekto sa mga puno o katawan ng tubig*
- *Umiiral na kumplimentaryong imprastraktura*
  - » *Ang proyekto ba ay suportado ng mga umiiral na amenidad o programming?*
  - » *Mga halimbawa: katabing sentro ng komunidad, access sa washroom*
- *Mga epekto sa mga umiiral na paggamit o mga programa*
  - » *Mga halimbawa: Kino-convert ba ng proyekto ang umiiral na nakabahaging rektanggulong/ball diamond site sa rektanggulong field lang? Inaatas ba nito ang pagtanggal o makabuluhang pagbabago sa isa pang umiiral na paggamit ng parke? Mayroon bang pagtanggal ng isang klase ng sport field o paggamit ng parke?*
- *Access sa transportasyon*
  - » *Ang site ba ay madaling maa-access ng lahat ng klase ng transportasyon?*